

Kautusang Pang-minimum Wage ng County ng Los Angeles

Magkakabisa ang kautusang ito sa July 1, 2016.

Nauukol ang kautusang ito sa mga nagtatrabaho na nagsasagawa ng kahit man lamang dalawang oras ng trabaho sa isang tanging linggo sa loob ng unincorporated area ng Los Angeles County [mga pook na walang sariling pamahalaan pambayan]. Inuutusan ang mga nagpapatrabaho na magpasahod ng minimum wage na pinapahayag sa sumusunod para sa lahat ng oras na nasagawa.



Dapat nakatanghal ang paskil na ito sa isang kapuna-puna at maaabot na kinaroroonan sa mga lugar na pinagtatrabahuan, sa Ingles, Kastila, at sa mga pangunahing wika na ginagamit ng nagpapatrabaho sa mga nagtatrabaho tungkol sa mga tungkuling pantrabaho ng mga nagtatrabaho, kung naiiba sa Ingles o Kastila.

Code [katipunan ng mga batas] ng Los Angeles County Chapter 8.100

Minimum Wage

Malaking Nagpapatrabaho (26 o mahigit na nagtatrabaho)

\$10.50 BAWAT ORAS

July 1, 2016

\$12.00 BAWAT ORAS

July 1, 2017

\$13.25 BAWAT ORAS

July 1, 2018

\$14.25 BAWAT ORAS

July 1, 2019

\$15.00 BAWAT ORAS

July 1, 2020

Maliit na Nagpapatrabaho (25 o mas kaunting nagtatrabaho)

\$10.50 BAWAT ORAS

July 1, 2017

\$12.00 BAWAT ORAS

July 1, 2018

\$13.25 BAWAT ORAS

July 1, 2019

\$14.25 BAWAT ORAS

July 1, 2020

\$15.00 BAWAT ORAS

July 1, 2021

* Simula sa January 1, 2022, pagpapasyahan ng Chief Executive Officer [pinunong tagapagpaganap] (CEO) ng County ang mga isinaayos na mga antas ng minimum wage batay sa Consumer Price Index [pagkalkula ng halaga ng mga karaniwang binibili ng madla], na magkakabisa sa July 1, 2022.

Code ng Los Angeles County Chapter 8.101

Patalastas sa Employee

Dapat magkaloob ang mga nagpapatrabaho sa mga nagtatrabaho ng impormasyon tungkol sa kanilang gawain at sahod.

Panimulang Pahayag Pambunyag ng Kabayaran:

Sa panahon ng panimulang pagpapatrabaho, dapat magkaloob sa inyo ang inyong nagpapatrabaho ng nakasulat na pahayag ng nagbubunyag ng mga sumusunod:

- Ang pangalan ng nagpapatrabaho, pangalan ng negosyo at address pangkoreo ng pangunahing tanggapan, email address at ang phone number ng nagpapatrabaho.
- Ang inyong (mga) antas ng sahod at araw ng pagsahod
- Kung tumutukoy, ang patakaran pang-tip [pabuya] ng inyong nagpapatrabaho
- Ang batayan ng inyong sahod (orasan, lingguhan, commission)
- Ang formula kung papaano napapasya ang inyong antas ng sahod
- Mga pagbawas ng kinukuha sa inyong pay check bawat panahon ng pagsahod
- Anumang karagdagang impormasyon na inuutos ng batas

Pay Statement [ulat ng sinahod]:

Bawat araw ng pagsahod, dapat magkaloob ang inyong nagpapatrabaho ng impormasyon na inuutos ng California Labor Code 226(a):

- Nakamit na buo at neto na sahod
- Pagbawas na kinuha
- Buong bilang ng oras na trinabaho ng nagtatrabaho
- Nakamit na bilang ng sukat pang-piece-rate (para sa mga nagsasagawa nang por piraso)
- Batayan ng inyong sahod (orasan, lingguhan, commission)
- Mga araw na saklaw ng panahon na binabayaran ang nagtatrabaho
- Mga tumutukoy na antas per ora na ginagamit sa panahon na sinasahuran at ang kaukol na bilang ng oras na nasagawa para sa bawat antas per ora.
- Pangalan at address ng nagpapatrabaho
- Pangalan ng nagtatrabaho; at alinman sa huling apat na tambilang ng SSN ng nagtatrabaho o ID number ng nagtatrabaho

Code ng Los Angeles County Chapter 8.101

Ang Inyong mga Karapatan ay Protektado

Maaaring may-karapatan kayo sa kabayaran para sa anumang paglabag ng batas na ito ng inyong nagpapatrabaho.

May Karapatan Kayo na Magharap ng Reklamo:

Maaari kayong magharap ng reklamo sa Program ng Department of Consumer and Business Affairs' Wage Enforcement [kagawaran pampagpapatupad ng sahod nauukol sa mga bagay-bagay pangnamimili at pangnegosyo] para sa mga sinasabing paglabag ng Kautusang Pang-minimum Wage. Dapat iharap ang mga reklamo sa loob ng tatlong taon pagkatapos na nangyari ang sinasabing paglabag.

May Karapatan Kayo na Magdemanda:

Ang sinumang tao, entidad, o sinumang iba pang tao na kumikilos sa ngalan ng madla at sinong nalabagan ang mga karapatan sa ilalim ng batas na ito ay maaaring magharap ng demandang civil sa isang hukuman ng batas laban sa isang nagpapatrabaho na naglabag ng Kautusang Pang-minimum Wage.

Code ng Los Angeles County Chapter 8.100 & 8.101

Labag sa batas ang pagganti

Labag sa batas na gumanti laban sa inyo ang isang nagpapatrabaho dahil sa paggamit ng inyong karapatan.

Mayroon kayong ipinagtanggol na karapatan na:

- Magharap ng reklamo
- Ipabatid sa sinumang tao ng kanilang maaaring karapatan
- Panindigan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

Pinagbabawal ang mga pagkilos na ito kung ginagawa upang gumanti laban sa iyo dahil sa paggamit ng inyong mga karapatan:

- Alisin kayo sa trabaho
- Bawasan ang inyong sahod
- Mag-discriminate [magtanging masama]
- Magbanta sa inyo or sinumang ng inyo malapit na kapamilya

Pansinin: Maaaring disiplinahin kayo ng inyong nagpapatrabaho kung may dahilan na gawin iyon; subalit may-palagay na naggaganti kung di-kaya ng inyong nagpapatrabaho na magpakita ng dahilan.



500 W. Temple St., Room B-96,
Los Angeles, CA 90012

Lihim & Walang-bayad na Serbisyo

- Pag-imbista ng mga reklamo
- Pagtuturo sa mga manggagawa at nagpapatrabaho
- Mga gamit-yaman at pagsangguni
- Mga materyales na makukuha sa iba-ibang wika

800-593-8222

wagehelp@dcba.lacounty.gov
www.dcba.lacounty.gov

06/14/16